SANCTA MISSA

V. Kordero ng Diyos na nakawawala ng kasalanan ng sanlibutan.
L. Patawarin mo po kami, Panginoon.
V. Kordero ng Diyos na nakawawala ng kasalanan ng sanlibutan.
L. Paka-pakinggan mo po kami, Panginoon.
V. Kordero ng Diyos na nakawawala ng kasalanan ng sanlibutan.
L. Maawa ka sa amin.
V. Ipanalangin mo kami, Santang Ina ng Diyos.
R. Nang kami ay maging dapat makinabang ng mga pangako ni Hesukristong Panginoon.

Manalangin Tayo:

Panginoon naming Diyos, kasihan mo nawa ang aming mga kaluluwa ng Iyong mahal na grasya, at yayamang dahilan sa pananalita ng anghel, ay nakilala namin ang pagkakatawang tao in Hesukristong Anak Mo. Pakundangan sa mahal Niyang pagpapakasakit at pagkamatay sa Krus, ay papakinabangin Mo kami ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli sa kaluwalhatian sa langit. Alang-alang kay Hesukristo ring Panginoon namin. Siya Nawa.

Memorare

Alalahanin mo, oh lubhang mahabaging Birhen Maria,

Na kailan ma'y di-narinig na may dumulog sa iyong pag-aampon, Humingi ng Iyong tulong at nagmamakaawa ng Iyong saklolo, Na Iyong pinabayaan. Dala ng pag-asa na ito, Dumudulog ako sa Iyo oh Birhen ng mga birhen, Ina, sa Iyo ako'y lumalapit, Sa Iyo ako'y humaharap na makasalanan at namimighati. Oh Ina ng walang hanggang berbo, Huwag mo akong siphayuin, ang aking pagluhog, Bagkus, sa Iyong habag, Pakinggan mo ako at pakapakinggan. Amen.

"O dakila't mahalagang piging! O piging na kahanga-hanga! O mapagligtas na piging na nag-uumapaw sa bawat sarap na espirituwal! May hihigit pa kaya sa piging na ito, hindi ng laman ng mga kambing, tulad noong araw, kundi ni Kristong tunay na Diyos na ipinagkaloob sa atin para sa ating ikalulusog? Ano ang higit pang dakila kaysa banal na Sakramentong ito? Dito, ang tinapay at alak ay pinapagbago't naging katawan at dugo ni Kristo. Oo! Sa anyo ng kapirasong tinapay at alak, narito si Hesukristo, ganap na Diyos at ganap na tao!
Dumudulog at nakikibahagi sa kanya ang mga sumasampalataya, ngunit hindi siya kailanman nahahati. Bagkus, bagamat nahahati ang tandang sakramental, nananatili pa ring buo si Kristo."

-Santo Tomas de Aquino

V. Panginoon, maawa ka sa amin.
Kristo, maawa ka sa amin.
Panginoon, maawa ka sa amin.
Kristo, pakinggan mo kami.
Kristo, paka-pakinggan mo kami.
V. Diyos Ama sa langit,
R. Maawa ka sa amin.
Diyos Anak na tumubos sa sanglibu-tan,
Diyos Espiritu Santo,
Santisima Trinidad na tatlong Persona at iisang Diyos,
Santa Maria,
R. Ipanalangin mo kami.
Santang Ina ng Diyos,
Santang Birhen ng mga Birhen,
Ina ng Kristo,
Ina ng grasya ng Diyos,
Inang kasakdal-sakdalan,
Inang walang malay sa kahalayan,
Inang 'di malapitan ng masama,
Inang kalinis-linisan,
Inang ipinaglihi na walang kasalanan,
Inang kaibig-ibig,
Inang kataka-taka,
Ina ng mabuting kahatulan,
Ina ng may gawa sa lahat,
Ina ng mapag-adya,
Birheng kapaham-pahaman,
Birheng dapat igalang,
Birheng dapat ipagbantog,
Birheng makapangyayari,
Birheng maawain,
Birheng matibay na loob sa magaling,
Salamin ng katuwiran,
Luklukan ng karungunan,
Mula ng tuwa namin,
Sisidlan ng kabanalan,
Sisidlan ng bunyi at bantog,
Sisidlan ng bukod-tanging katimtimann
Rosang bulaklak ng 'di mapuspos ng bait sa tao ang halaga,
Torre in David,
Torre na garing,
Bahay na ginto,
Kaban ng tipan,
Pinto sa langit,
Talang maliwanag,
Mapagpagaling sa mga maysakit,
Pagsasakdalan ng mga taong ma-kasalanan,
Mapang-aliw sa nangagdadalam-hati,
Mapag-ampon sa mga kristiyano,
Hari ng mga anghel,
Hari ng mga patriarka,
Hari ng mga propeta,
Hari ng mga apostol,
Hari ng mga martir,
Hari ng mga confesor,
Hari ng mga Birhen,
Hari ng lahat ng mga santo,
Haring ipinaglihi na 'di nagmana ng salang orihinal,
Haring iniakyat sa langit,
Hari ng kasantu-santosang Rosaryo,
Hari ng kapayapaan.

MGA MISTERYO NG SANTO ROSARYO

Mga Misteryo ng Tuwa *(Tuwing Lunes, at Sabado)*

1. Ang Pagbati ng Anghel sa Mahal na Birhen
2. Ang Pagdalaw ng Mahal na Birhen Kay Santa Isabel
3. Ang Pagsilang sa Anak ng Diyos
4. Ang Paghahain sa Templo ng anak ng Diyos
5. Ang Pagkakakita sa Batang Jesus sa Templo

Mga Misteryo ng Hapis *(Tuwing Martes, at Biyernes)*

1. Pananalangin Ni Hesus sa Halamanan
2. Paghampas kay Jesus na nakagapos sa haliging bato.
3. Pagpuputong ng koronang Tinik kay Jesus
4. Pagpapasan ng Krus ni Jesus
5. Pagpapako at pagkamatay ni Jesus sa Krus

Mga Misteryo ng Luwalhati *(Tuwing Linggo, at Miyerkules)*

1. Ang Pagkabuahay muli ni Jesucristo
2. Ang Pag-akyat ni Jesus sa Langit
3. Ang Pagpanaog ng Espiritu Santo sa mga Apostol
4. Ang Pag-aakyat sa Langit ng Mahal na Birhen
5. Ang Pagpuputong sa Mahal na Birhen bilang reyna ng langit at lupa

Mga Misteryo ng Liwanag*(Tuwing Huwebes)*

1. Ang Pagbibinyag kay Jesus sa ilog ng Hordan
2. Ang Pagpapahayag ni Jesus ng Kanyang sarili sa Kasalan sa Cana.
3. Ang Pagpapahayag ni Jesus ng Kaharian ng Diyos.
4. Ang Pagbabagong anyo ni Jesus
5. Ang Pagkakatatag ng Banal na Eukaristiya.

ANO ANG SANTA MISA

Ikaw ngayon ay dadalo ng Santa Misa. Ito ay napakabanal na sandali, dahilan sa si Jesus ay bumababa sa Altar ngayon. Ang Misa ay siyang pinakabanal at pinakakapakipakinabang na bagay na magagawa sa ibabaw ng lupa. Wala nang iba pang bagay dito sa lupa, maging sa langit ang higit na nakapagbibigay papuri at luwalhati sa Diyos at nagtatamo para sa atin ng mga biyaya kaysa sa isang Banal na Misa.

Ito ay isang tubos-alay o ***sakripisyo*** na inihahandog natin sa Diyos: 1.) Nang maipagdangal natin na Siya ang Panginoon ng lahat ng bagay. 2.) Upang magbayad puri sa mga pagkakasala natin sa Kanya. 3.) Upang mapasalamatan Siya sa mga biyayang tinatanggap natin sa Kanya. 4.) Upang humingi sa Kanya ng lahat ng mabubuting bagay na ating kinakailangan.

Ang Misa ay isang paghahain na inihahandog ni Jesucristo Sa Krus doon sa Kalbaryo. Sa pamamagitan ng paghahaing ito, ay natubos tayo; iniligtas; at minarapat na makarating sa Langit, Walang panalangin o anumang sakripisyo ang mas hihigit pa upang matulungan ang mga nagdurusang kaluluwa sa Purgatoryo kundi ang pag-aalay ng Misa para sa kanila.

Si Jesus ay nasa Altar ngayon tulad noong siya ay nasa krus ng Kalbaryo. Subalit hindi mo Siya makita. Inihahandog Niyang muli ang kanyang sarili sa pamamagitan ng Pari.

Sa ***Consagracion***, ang alak at tinapay ay pinagiging tunay na katawan at dugo ni Jesus. Si Jesus na nagkatawang tao, namatay at muling nabuahay para sa iyo ay nasa Altar ngayon. Manalangin ka. Huwag kang magsalita, o tumawa o makipaglibang samantalang nagmimisa.

Magdasal ka at manalangin ng marahan ng taos sa puso mo Sapagkat ikaw ay nakikipag ulayaw sa Diyos na nakakakita ng kaibuturan ng iyong puso

ANG MATAIMTIM NA PAGDALO SA SANTA MISA

1. Ang unang salik para sa makabuluhan at mataimtim na pagdalo sa Banal na Misa ay ang pagkakaunawa natin sa walang hanggang kabanalan ng Banal na Paghahaing ito at ang nag-uumapaw na mga biyaya na ating makakamit sa pagdalo nito. Ang Santa Misa, kung ating talagang susuriin at pagninilayan ay isang kamangha-mangha na hiwaga ng ating pananampalataya na hindi lubusang maarok ng ating pang-unawa. Samakatuwid, kinakailangan nating pag-aralan at pagnilayan nang maigi ang mga Hiwagang napapaloob dito. Ang isang Misa na dinaluhan nang may pang-unawa at pamimintuho ay mas makapagtatamo sa atin ng maraming biyaya kaysa sa maraming beses nating pagdalo sa misa nang walang pagpapahalaga at matimyas na pagninilay sa sa mga nangyayari dito.
2. Gawin nating panuntunan na dumating sa simbahan ilang minuto bago magsimula ang Banal na Misa, una upang ihanda ang ating sarili sa pamamagitan ng pagninilay at panalangin, at pangalawa upang hindi maging sanhi ng abala sa ibang mga nagsisimba.
3. Hindi lamang tayo dumadalo sa Misa bagkus ay inaalay natin ito kasama ng pari.

Mapapansin natin na sa lahat ng altar ay naroon sa gitna ang Krusipiho, ang lahat ng kasuotan ng pari ay taglay ang tanda ng Banal na Krus ng Panginoon, sinisimulan ang misa sa pamamagitan ng Ang tanda ng Krus at maraming ulit niya itong ginagawa sa misa. Bakit nga ba? Upang malinaw nating maunawaan na ang Santa Misa ay ang sakripisyo ni Hesus na kanyang inalay noong siya ay nakapako sa Krus. Sa Santa Misa ay patuloy na iniaalay ni Hesus ang kanyang katawan at Dugo para sa atin.

ANG SANTO ROSARYO

Ang Rosaryo ay isang debosyon sa Mahal na Birhen. Ito ay isang tuhog ng bulaklak na iniaalay sa Mahal na Birhen ng mga nananalangin nito. Ito ay binubuo ng Dalawangpung bahagi, ang isang bahagi ay binubuo ng isang Ama Namin at sampung Aba Ginoong Maria, na sinusundan ng Luwalhati.

Ang bawat bahagi ay dinadasal bilang pagpupuri sa isang misteryo ng buhay na pinagdaanan ng ating Mahal na Panginoon at ng Kanyang Mahal na Ina. Habang ginagawa ang isang sampuan, ay alalahanin ang misteryo na ipinatutungkol at idalangin na magawa ang mga kabanalan at kalinisan na itinuturo ng bawat misteryo, nang pakinabangan ng ating kaluluwa at nang tayo'y maging matapat na anak ng Diyos.

Ang mga misteryo ay iniayos sa apat na yugto.: Ang misteryo ng tuwa, misteryo ng hapis, misteryo ng luwalhati, at misteryo ng liwanag. Ang mga yugto na ito ay sumasalamin sa pag-kakatawang tao ni Jesus, ang Kanyang mga himala at pangangaral, ang Kanyang pagpapakasakit at pagkamatay at ang kanyang pagkabuhay at pag-akyat Nya sa Langit. Ang bawat yugto ay binubuo ng limang misteryo.

Angelus

V. Binati ng anghel ng Diyos si Santa Maria.
R. At Siya'y naglihi, lalang ng Espiritu Santo.
(Isang Aba Ginoong Maria)
V. Ako ang Alipin ng Panginoon.
R. Maganap nawa sa Akin ayon sa Wika Mo.
(Isang Aba Ginoong Maria)
V. At ang Verbo ay nagkatawang tao.
R. At nakipamayan sa atin.
(Isang Aba Ginoong Maria)
V. Ipanalangin Mo kami. Santang Ina ng Diyos
R. Nang kami ay maging dapat makinabang sa mga pangako ni Jesucristong amingPanginoon.

Manalangin Tayo:

Panginoong aming Diyos, kasiyahan Mo nawa ang aming kaluluwa ng Iyong mahal na grasya . Yayamang dahilan sa pamamalita ng Anghel ay nakilala namin ang pagkakatawang tao ni Jesucristong Anak Mo, pakundangan sa mahalna pagpapakasakit Niya sa Krus papakinabangan Mo kami ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli sa kadakilaan sa Langit. Sa pamamagitan ni Jesucristong aming Panginoon. Amen. (Luwalhati 3x)

Regina Cœli

V. Reyna ng Langit magalak ka Aleluya!
R. Sapagkat ang minarapat Mong dalhin sa sinapupunan Aleluya!
V. Ay nabuhay na mag-uli na gaya ng kanyang sinabi Aleluya!
R. Ipanalangin Mo kami sa Diyos Aleluya!
V. Matuwa ka at magalak, O Birheng Maria Aleluya!
R. Sapagkat tunay na muling nabuhay ang Panginoon, Aleluya!

Manalangin Tayo:

O Diyos, na sa pamamagitan ng muling pagkabuhay ng Iyong Anak na si Jesucristomh Panginoon namin, ay minarapat mong paligayahon ang mundo. Hinihiling namin sa Iyo n a alang-alang sa Birheng Maria na Kanyang Ina ay makamtan namin ang kaligayahan ng bauhay na walang hanggan. Sa pamamagitan din ni Kristong Panginoon namin. Amen.

PANALANGIN NG PAG-AALAY

Amang walang hanggan, isinasama ko ang aking sarili sa mga hangarin at pagmamahal ng Mahal na Birhen sa Kalbaryo, at iniaalay ko sa Iyo ang sakripisyo sa Krus ng Iyong minamahal na Anak, na ngayon ay Kanyang pinaninibago sa banal na Altar na ito. Iniaalay ko ito sa ngalan ng sangkatauhan, kaisa ng mga banal na Misa na ngayon ay iniaalay, at lahat ng Misa na iniaalay ngayon sa buong mundo.

Nais kong sambahin Ka at ibigay sa Iyo ang karangalan sa Iyo ay nauukol; kilalanin ang Iyong kapangyarihan sa lahat ng bagay, at kilalanin na nakasalalay sa Iyo ang lahat ng bagay, Ikaw na Siyang tangi naming patutunguhan. Nais kong pasalamatan Ka sa napakaraming bagay na ibinigay mo sa amin. Nais kong hingin ang kapatawaran Mo at magbayad sa lahat ng mga kasalanang aming aming nagawa. Ninanais kong hingin ang Iyong biyaya at awa para sa aking sarili, para sa Iyong Simbahan, para sa lahat ng naghihikahos at nalulumbay, para sa lahat ng kawawang mga makasalanan at para sa lahat nang dapat kong ipagdasal, para sa buong mundo, at para sa lahat ng kaluluwa sa Purgatoryo. Amen.



PAGWIWISIK NG AGUA BENDITA

Ant. Aspérges me Dómine, hyssopo, et mundabor: lavábis me, et super nivem dealbabor.

Misereré mei , Dei secundum magnam misericórdiam tuam.

V. Gloria Patri, et Filio, et Spiritui Sancto

R. Sicut erat in principio et nunc et semper et in sæcula sæculorum. Amen

Ant. Aspérges me Dómine, hyssop, et mundabor: lavábis me, et super nivem dealbabor.

Ant. Wisikan mo ako ng hisopo, O Panginoon, at ako'y magiging maputi pa kaysa sa Busilak

Kaawaan mo ako, O Panginoon ayon sa kadakilaan ng Iyong habag

V. Luwalhati sa Ama, sa Anak, at sa Espiritu Santo

R. Kapara noong unang una ngayon, at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.

Ant. Wisikan mo ako ng hisopo, O Panginoon, at ako'y magiging maputi pa kaysa sa Busilak

Ang antiponang ito ang ginagamit sa Panahon ng Pasko ng Pagkabuhay

Ant. Vidi aquam egredientem de templo a latere dextro, alleluia: Et omnes, ad quos pervenit aqua ista, salvi facti sunt, et dicent, alleluia, alleluia.

Ant. Nakita ko ang tubig na lumalabas sa gawing kanan ng Templo, aleluya; at naligtas ang lahat na inabot ng tubig na ito, na umaawit ng: aleluya, aleluya.

Luwalhati

Luwalhati sa Ama at sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara nang sa una, gayon din ngayon at magpakilan pa man sa walang hanggan. Amen.

Sumasampalataya Ako

Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapanyayari sa lahat, na may gawa ng langit at lupa. Sumasampalataya naman ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao Siya lalang ng Espiritu Santo; ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Ponsio Pilato; ipinako sa krus, namatay at ibinaon. Nanaog sa mga impiyerno; nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit; naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyayari sa lahat. Doon magmumula't pariritong huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao. Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, na may Santa Iglesya Katolika; may kamsamahan ng mga Santo, may ikawawala ng mga kasalanan; at mabubuhay na mag uli ang nangamatay na tao, at may buhay na walang hanggan. Amen.

Aba po Santa Mariang Hari

Aba Po Santa Mariang Hari, Ina ng Awa. Ikaw ang kabuhayan at katamisan; Aba pinananaligan ka namin. Ikaw nga ang tinatawagan namin, pinapanaw na taong anak ni Eva. Ikaw rin ang pinagbunbuntuhang hininga namin ng aming pagtangis dini sa lupang bayang kahapis-hapis. Ay aba, pintakasi ka namin, ilingon mo sa amin, ipakita mo sa amin ang iyong Anak na si Hesus. Santa Maria, Ina ng Diyos, maawain, maalam at matamis na Birhen.

Pagsisisi

Oh Diyos ko, ikinalulungkot ko nang buong puso ang pagkakasala ko sa Iyo! Kinasusuklaman ko ang lahat kong kasalanan, dahil sa takot kong mawala sa akin ang kaharian ng langit at dahil sa takot ko sa hirap ng impyerno; ngunit lalo pa naman dahil ang kasalanan ay napakasama sa loob Mo, Oh Diyos ko, na walang hanggan ang kabutihan at nararapat ibigin ng walang katapusan. Nagtitika akong matibay na matibay, at umaasa sa grasya Mo, na ipagkukumpisal ko ang mga sala ko, tutuparin ko ang parusang hatol, at magbabagong buhay. Amen.

MGA PANG ARAW-ARAW NA PANALANGIN

Ang Tanda ng Krus

+Sa ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo. Amen.

Ama Namin

Ama namin, sumasa-langit Ka. Sambahin ang ngalan Mo. Mapasa amin ang Kaharian Mo. Sundin ang loob Mo dito sa lupa para nang sa langit. Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw-araw. At patawarin Mo kami ng aming mga sala, para nang pagpapatawad namin sa mg nagkakasala sa amin. At huwag Mo kaming ipahintulot sa tukso, at iadya Mo kami sa lahat ng masama. Amen.

Aba Ginoong Maria

Aba Ginoong Maria, napupuno ka ng grasya, ang Panginoong Diyos ay sumasaiyo, bukod kang pinagpala sa babaeng lahat at pinagpala naman ang iyong Anak na si Jesus. Santa Maria, Ina ng Diyos, ipanalangin mo kaming makasalanan, ngayon at kung kami y mamamatay. Amen.

Confitemini Domino, quoniam bonus: quoniam in sæculum misericordia ejus.

Purihin ang Panginoon sapagkat Siya'y banal, at walang hanggan ang Kanyang awa.

V. Ostende Domine misericordia tua (alleluia)

R. Et salutare tuum da nobis (alleluia)

V. Domine exaudi orationem meam

R. Et clamor meus ad te veniat

V. Dominus vobiscum

R. Et cum spiritu tuo

V. Ipakita mo sa amin ang Iyong awa Panginoon (Aleluya)

R. At ipagkaloob mo sa amin ang kaligtasan.

V.Pakinggan mo panginoon ang aming panalangin

R. At makarating sa Iyo ang aming pagdaing.

V. Sumainyo ang Panginoon

R. At sa iyong espiritu.

Oremus

Manalangin Tayo.

Exaudi nos, Domine sancta Pater, omnipotens æterne Deus: et mittere digneris sanctum Angelum tuum de cælis, qui custodiat, foveat, protegat, visited, atque defendat omnes habitants in hoc habitaculo. Per Christum Dominum nostrum.

Pakinggan mo ang aming panalangin Amang Banal, makapangyarihan at walang hanggan, at marapatin mong ipadala ang Iyong banal na Anghel mula sa kalangitan upang siyang magbantay, humikayat, at mangalaga; upang manatiling kasama nila; at magsanggalang sa lahat ng mga dito ay maninirahan. Sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.

R. Amen

R. Amen.



ORDO MISSÆ

Panimula ng Santa Misa

Ang pari ay magtutungo sa altar, luluhod sa gitna at sisimulan ang Misa

LUMUHOD

P. In nómine Patris, et Fílii, et Spíritus Sancti. Amen.

P. Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo. Amen.

Introíbo ad altáre Dei.

P. Ako ay papasok sa dambana ng Diyos.

S. Ad Deum, qui lætíficat juventútem meam.

S. Sa Diyos na nagbibigay kaligayahan sa aking kabataan.

P.Júdica me, Deus, et discérne causam meam de gente non sancta: ab hómine iníquo et dolóso érue me.

P. Igawad mo sa akin ang katarungan O Diyos, at ipagsanggalang mo ang aking usapin sa isang baying di banal; sa isang mapanlinlang at tampalasan ay iligtas mo ako.

S Quia tu es, Deus, fortitude mea: quare me reppulísti, et quare tristis incédo, dum afflígit me inimícus?

S. Sapagkat Ikaw o Diyos, ang aking lakas; bakit mo ako itinakwil? Bakit ako mababagabag sa paniniil ng kaaway?

Magkadaop ang palad dasadasilan niya ang Salmo 42 kasama ng sacristan

Ang Salmo 42 ay hindi dinadasal tuwing Misa para sa mga Yumao at mula Ika-5 Linggo ng Cuaresma hanggang Sabado Santo.

ANG MGA MAHAL NA PAPURI

Purihin ang Diyos.

Purhin ang kanyang Banal na pangalan.

Purihin si Jesucristo, Diyos na totoo at tao naming totoo.

Purihin ang ngalan ni Jesus.

Purihin ang Kanyang Kamahalmahalang Puso.

Purihin ang Kanyang Kamahalmahalang Dugo.

Purihin si Jesus sa Santisimo Sakramento ng Altar .

Purihin ang Espiritu Santo na Mangaaliw.

Purihin ang dakilang Ina ng Diyos, ang Kabanalbanalang Birheng Maria.

Purihin ang Kalinislinisang paglilihi sa Kanya.

Purihin ang Pag-aakyat sa Kanya sa langit.

Purihin ang Ngalan ni Maria, Birhen at Ina.

Purihin si San Jose ang Kanyang kalinislinisang esposo.

Purhin ang Diyos sa Kanyang mga Anghel at mga Banal.

ESPIRITWAL NA PAKIKINABANG

Oh kaibig-ibig kong Jesus, sumasampalataya akong totoo na naririyan ka sa Kabanalbanalang Sakramento. Iniibig Kita ng higit sa lahat ng bagay, at ninaais kong tanggapin Ka sa aking kaluluwa. Yayamang hindi ko matanggap Ngayon ang Iyong Mahal na Katawan sa Sakramnetong ito, kahit sa kaibuturan ng puso ko ay pumarito Ka (*Pagtibayin mo Ngayon ang marubdob mong pagnanasang tanggapin si Jesus kahit sa paraang espiritwal lamang*.) Niyayakap Kita Oh Jesus, at iniaanib ko sa Iyo ang aking abang sarili; huwag Mong itulot na ako ay mawalay sa Iyo dahil sa kasalanan ko. Amen.

Uni trinóque Dómino sit sempitérna glória, Qui vitam sine término nobis donet in pátria. Amen.

Purihin at ipagdangal ng walang hanggan ang Iyong Pangalan, O Iisang Diyos na Tatlong Persona. Ipagkaloob Mo sa amin na makarating kami sa Bansang aming pita. Amen.

Pagkatapos nito, ay maaaring magkaroon ng sandali ng katahimikan o kung hindi naman ay maaari din naming gamitin ang ibang mga dasal at awit na pagpupuri sa Kamahalmahalang Santisimo Sakramento.

Pagkatapos nito ay aawitin ang ***Tantum Ergo Sacramnetum.***

Tantum ergo Sacramentum venerémur cérnui: Et antíquum documéntum novo cedat rítui: Præstet fides suppleméntum sénsuum deféctui.

Pakumbabang sumasamba sa Mahal na Ostiya; unang anyo ay nagbago, bagong ayos narito; pananalig ay sagana sa langit at sa lupa.

Genitóri, Genitóque laus et jubilatio: Salus honor, virtus quoque sit et benediction: Procedénti ab utróque compar sit laudatio. Amen.

Sa amang walang hangganan, sa Anak ay kapurihan Espiritung Banal ang nauna, walang hangganan sila; kaligtasan, puri't awa, buhay, lakas na dakila. Amen.

V. Panem de cœlo præstitisti eis (T.P. Alleluia)

R. Omne delectamentum in se habentem (T.P. Alleluia)

V. Binigyan mo sila ng Tinapay ng nagmumula sa Langit (T.P. Alleluia)

R. Na naglalaman nglahat katamisan at kasiyahan (T.P. Alleluia)

Pagharap ng pari sa mga tao at pagbabasbas ng Kamahalmahalang Santisimo, yumuko ka at sambahin mo ang ating Mahal na Panginoon. Isamo mo sa Kanya na basbasan Niya ang lahat ng mga idinadalingin mo.

P. Emítte lucem tuam et veritátem tuam: ipsa me deduxérunt, et adduxérunt in montem sanctum tuum et in tabernácula tua

P. Ipadala mo ang iyongliwanag at iyong katapatan; papatnubayan nila ako at dadalhin sa iyong banal na bundok at s aiyong mga kubol.

S. Et introíbo ad altáre Dei: ad Deum, qui lætíficat juventútem meam.

S. At ako ay papasok sa dambana ng Diyos, ang Diyos ng aking kasayahan at kaligayahan.

P. Confitébor tibi in cíthara, Deus, Deus meus: quare tristis es, ánima mea, et quare contúrbas me?

P. At ako'y magpupuri sa iyo sa kudyapi, O Diyos na aking Diyos! Bakit ka walang sigla, o aking kaluluwa? Bakit ka nababagabag sa loob ko?

S. Spera in Deo, quóniam adhuc confitébor illi: salutáre vultus mei, et Deus meus.

S. Umasa ka sa Diyos, sapagkat siya'y muli kong pupurihin,ang kaligtasan ng aking mukha at Diyos ko.

P. Glória Patri, et Fílio, et Spirítui Sancto.

P. Luwalhati sa Ama at sa Anak at sa Espiritu Santo.

S. Sicut erat in princípio, et nunc, et semper: et in sæcula sæculórum. Amen.

S. Kapara noong una ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

P. Introíbo ad altáre Dei.

P. Ako ay papasok sa dambana ng Diyos.

S. Ad Deum, qui lætíficat juventútem meam.

S. Sa Diyos na nagbibigay kaligayahan sa aking kabataan.

Ang pari ay mag-aantanda at magpapatuloy sa panalangin.

P. Adjutórium nostrum in nómine Dómini.

P. Ang ating sakoklolo ay nagmumula sa ngalan ng Panginoon.

S. Qui fecit coelum et terram.

S. Na may gawa ng lahat at lupa.



Yuyuko ang pari at aaminin ang mga kanyang kasalanan.

Confíteor Deo omnipoténti, beátæ Maríæ semper Vírgini, beáto Michaéli Archángelo, beáto Joánni Baptístæ, sanctis Apóstolis Petro et Paulo, ómnibus Sanctis, et vobis, fratres: quia peccávi nimis cogitatióne, verbo et opere: (*dadagukan and dibdib ng tatlong ulit*) mea culpa, mea culpa, mea máxima culpa. Ideo precor beátam Maríam semper Vírginem, beátum Michaélem Archángelum, beátum Joánnem Baptístam, sanctos Apóstolos Petrum et Paulum, omnes Sanctos, et vos, fratres, orare pro me ad Dóminum, Deum nostrum

P. Nangungumpisal ako sa makapangyarihang Diyos, sa Mahal na Birheng Maria, kay San Miguel Arkanghel, kay San Juan Bautista, sa mga banal na Apostol na sina Pedro at Pablo, sa lahat ng mga banal at inyo mga kapatid na lubha akong nagkasala sa isip, sa salita, at sa gawa: *(dagukan ang dibdib ng tatlong ulit)* sa aking sala, sa aking sala, sa aking pinakamalaking sala. Kaya isinasamo ko sa Mahal na Birheng Maria, kay San Miguel Arkanghel, kay San Juan Bautista, sa mga banal na Apostol na sina Pedro at Pablo, sa lahat ng mga banal at inyo mga kapatid na ako ay ipanalangin sa Panginoong ating Diyos.



ANG PAGBABASBAS SA KAMAHALMAHALANG SANTISIMO SAKRAMENTO

Ito ay isa sa mga pinakamarilag, kaakitakit at kaayayang Seremonia ng Simbahan. Dito sa altar ay Nakikita natin si Jesucristo sa anyong tinapay; at sa Kamahalmahalang Santisimo Sakramento , nasa trono at naghihintay ang Dakila at Mahal na Hari, na ihasik ang kanyang naguumapaw na mga biyaya sa kanyang mga minamahal, at pagpalain sila. Pag Siya ay itinaas at itinanghal ng pari sa mga tao, sa ayos na krus at ang kampanilya ay tumutugtog at naghahayag ng maligayang sandali ng Kanyang Pagdatal.

Pagbubukas ng Pari ng tabernakulo at pagsusuob niya ng insenso sa Kamahalmahalang Santisimo Sakramento, ay aawitin ang: ***O Salutaris Hostia.***

O Salutaris Hostia, Quæ cœli pandis óstium: Bella premunt hostília. Da robur, fer auxílium.

O Nagliligtas na Haing- handog, Siya na nagbukas ng pinto ng Langit sa taong nasa lupa. Igawad mo sa amin ang Iyong saklolo at lakas habang ang mga kaaway ay nakapalibot namin.



Panalangin sa Harap ng Krusipiho

(Ang sino mang mananalangin sa harap ng Krusipiho pagkatapos tumanggap ng Banal na Kommunyon ay makakatanggap ng "Partial" na indulhensiya ngunit kung ito'y isinagawa sa mga biyernes ng Cuaresma, "Plenary na Indulhensiya ang matatanggap)

Mabuti at masintahing Hesus, naninikluhod ako sa Iyong harapan, nagsusumamong mataimtim na ilimbag sa aking puso ang isang malalim at buhay na pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig, nang may pagsisisi sa aking mga kasalanan at may pagnanasang magbayad sa mga pinsalang naidulot nito. Habang pinagbulay-bulayan ko ang Iyong limang sugat at habang nakikiramay ako sa sakit ng bawat sugat na ito, naaala ko ang ang wikang tinuran noon ng Haring si David ukol sa Iyo: "Tinusok nila ng matatalim na pako ang aking kamay at paa, at ang aking mga buto ay bilang na!"

Mga Hibik sa Kabanal-banalang Manunubos

Kaluluwa ni Kristo, pakabanalin Mo ako. Katawan ni Kristo, iligtas Mo ako. Dugo ni Kristo, tigmakin mo ako. Tubig mula sa tagiliran ni Kristo, hugasan ako. Pagpapakasakit ni Kristo, patatagin mo ako. Butihing Hesus, dinggin mo ako. Sa loob ng sugat mo'y itago ako. Huwag mong ipahintulot na mawalay sa Iyo. Sa nagpapahamak na kaaway, ako'y ipagsanggalang Mo. Sa sandal ng aking pagpanaw, tawagin Mo ako. At Iyong ipag-utos na lumapit ako sa iyo. Upang kaisa ng mga banal ako'y magpuri sa Iyo sa kalangitan magpakailanman. Amen.

S.Misereátur tui omnípotens Deus, et, dimíssis peccátis tuis, perdúcat te ad vitam ætérnam.

P. Amen.

S. Kaawan kayo ng makapangyariahng Diyos, patawiran ka sa iyong mga kasalanan at patnubayan sa buhay na walang hanggan.

P. Amen.

Ang sacristan naman ngayon ang aamin ng kanyang mga pagkakasala.

S. Confíteor Deo omnipoténti, beátæ Maríæ semper Vírgini, beáto Michaéli Archángelo, beáto Joánni Baptístæ, sanctis Apóstolis Petro et Paulo, ómnibus Sanctis, et tibi pater: quia peccávi nimis cogitatióne, verbo et opere: (*dagukan ang dibdib ng tatlong ulit*) mea culpa, mea culpa, mea máxima culpa. Ideo precor beátam Maríam semper Vírginem, beátum Michaélem Archángelum, beátum Joánnem Baptístam, sanctos Apóstolos Petrum et Paulum, omnes Sanctos, et te pater, orare pro me ad Dóminum, Deum nostrum

P.Misereátur vestri omnípotens Deus, et, dimíssis peccátis vestris, perdúcat vos ad vitam ætérnam.

S. Amen.

(Mag-antanda) Indulgéntiam, absolutionem et remissiónem peccatórum nostrórum tríbuat nobis omnípotens et miséricors Dóminus.

S. Amen.

S. Nangungumpisal ako sa makapangyarihang Diyos, sa Mahal na Birheng Maria, kay San Miguel Arkanghel, kay San Juan Bautista, sa mga banal na Apostol na sina Pedro at Pablo, sa lahat ng mga banal at sa iyo na aking ama na lubha akong nagkasala sa isip, sa salita, at sa gawa: (*dagukan ang dibdib ng tatlong ulit*) sa aking sala, sa aking sala, sa aking pinakamalaking sala Kaya isinasamo ko sa Mahal na Birheng Maria, kay San Miguel Arkanghel, kay San Juan Bautista, sa mga banal na Apostol na sina Pedro at Pablo, sa lahat ng mga banal at sa iyo na aking ama, na ako ay ipanalangin sa Panginoong ating Diyos.

P. Kaawan kayo ng makapangyariahng Diyos, patawiran kayo sa inyong mga kasalanan at patnubayan sa buahy na walang hanggan.

S. Amen.

P.Pagkalooban nawa tayo ng ating Maawaing Diyos ng kapatawaran at pagkapawi ng ating mga kasalanan.

P. Amen.

(Yuyuko nang bahagya ang pari)

P. Deus, tu convérsus vivificábis nos.

S. Et plebs tua lætábitur in te.

P. Osténde nobis, Dómine, misericórdiam tuam.

S. Et salutáre tuum da nobis.

P. Dómine, exáudi oratiónem meam.

S. Et clamor meus ad te véniat.

P. Dóminus vobíscum.

S. Et cum spíritu tuo

P. Oremus.

P. Lingunin mo kami O Diyos at bigyan ng buhay.

S. Nang ang bayan mo ay magalak is Iyo.

P.Ipakita mo Panginoon ang iyong awa.

S. At ipagkaloob mo sa amin ang iyong kaligtasan.

P. Panginoon, pakinggan moa ng aking pagsamo

S. At hayaan mong makarating sa Iyo ang aking pagdaing.

P. Sumainyo ang Panginoon.

S. At sa iyong espiritu.

P. Manalangin tayo.

Aakyat ang pari sa altar habang nanalangin ng tahimik

Aufer a nobis, quæsumus, Dómine, iniquitátes nostras: ut ad Sancta sanctorum puris mereámur méntibus introíre. Per Christum, Dóminum nostrum. Amen.

Kami ay nagsusumamo sa Iyo Panginoon na pawiin ang aming mga kabuktutan nang sa gayon ay marapat kaming pumasok nang may busilak na puso sa Iyong kabanal banalang dambana. Sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon. Amen.

Hahalik sa gitna ng altar kung saan nakabaon ang mga labi ng mga banal habang sinasabi.

PASASALAMAT PAGKATAPOS NG BANAL NA KOMMUNYON

Pagsamba: O Hesus ko, Ikaw nga ang aking tinanggap sa Sakremetong Mahiwagang Ito! Sinasamba at pinupuri kita. Sa Iyo nagmula ang aking pag-iral sa Iyo rin matatapos Ito. Ikaw lamang O Hesus ang makapagpupuno sa hangarin ng aking puso.

Pagpapakumbaba: Napakabuti mo O Panginoon! Wala nang hihigit pa sa nag-uumapaw mong pagmamahal. Ako'y isang hamak na makasalana ngunit ngayon ay minarapat mong ibigay ang Iyong sarili.

Pasasalamat: Paano kita mapasasalamatan O masintahing Hesus sa lahat ng pagpapalang ipinagkaloob Mo sa akin? Ibinigay Mo ang Iyong Katawan upang maging pagkain ng aking kaluluwa at ang Iyong Dugo naman upang maging aking inumin. Hinding hindi ko makakalimutan ang pagmamahal Mo sa akin O Hesus! Purihin ka sa Banal na Sakramento!

Pagmamahal: Iniibig kita O Panginoon nang buo kong pagkatao sa kabila ng aking mga kahinaan. Patatagin mo ako sa Iyong Pag-ibig nang aking maiwaksi ang lahat ng kasamaan at kabuktutan na naglalayo sa akin na pag-ibayuhin ang aking pagmamahal at paglilingkod sa Iyo.

Pag-aalay: Manalaytay ka sa buo kong Pagkatao O Hesus nang ako'y mabuhay hindi para sa aking kapakanan bagkus para sa Iyong kaluwalhatian. Inialay Mo ang Iyong sarili para sa akin. Tanggapin Mo ang aking sarili bilang handog ko sa Iyo upang mapaglingkuran kita sa lahat ng pagkakataon.

Pagluluhog: Marami akong mga hinihiling ngunit nananalig ako na Ikaw ang mas nakakaalam kung ano ang makabubuti sa akin at sa kaligtasan ng aking kaluluwa. Ipagkaloob Mo lahat ng aking kinakailangan na biyaya upang mapanatiling busilak at tapat ang aking puso sa Iyo. Ilayo mo ako sa kasalanan, at kung ako'y malalagutan na ng hininga, huwag mong ipagkait ang biyayang tanggapin ka sa Banal na Sakramento at ipagkaloob Mo sa akin na maging tapat sa Iyo hanggang sa huli sandal ng aking buhay.

PAGHAHANDA NG SARILI SA BANAL NA KOMMUNYON

Panalangin ng Paghingi ngTulong: Diyos ko, tulungan mo akong maging marapat na tanggapin ang Tinapay na nagbibigay buhay. Maria aking pinakamamahal na Ina, Ipanalangin mo ako kay Hesus na Anak mo. Kayong lahat na mga anghel at mga banal, ipanalangin ninyo ako. Aking Anghel na tagatanod, ihatid mo ako nang matiwasay sa damabana ng Poong mahal.

Pananampalataya: Hesus, Ikaw na ang nagsabi na ang Tinapay na ito ay ang Iyong katawan at ang Alak naman na ito ay ang Iyong dugo. Sumasampalataya akong totoo sa mga salitang tinuran Mo Panginoon. Naniniwala akong Ikaw nga ang aking tatanggapin!

Pagpapakumbaba: Ako'y isang hamak na makasalanan Panginoon. Sino ba naman ako upang tanggapin ka sa Banal na Sakramentong ito? Panginoon, hindi ako karapat dapat na magpatuloy sa Iyo ngunit sa isang salita Mo lamang ay gagaling na ang aking kaluluwa.

Pagsisisi: Kinamumuhian ko O Diyos ang lahat ng aking pagkakasalang nagawa at pinagsisisihan ko ang aking kataksilan sa Iyong pagmamahal. Nangako akong hindi na muling mgakakasala. Kaawaan Mo ako O Diyos ayon sa laki ng Iyong habag!

Pag-ibig at Paghahangad: O pinakamamahal na Hesus. Ipagkaloob Mo ang biyaya na mahalin ka nang lubos. Ibinigay mo ang Iyong sarili para sa akin, tanggapin mo naman ang aking sarili bilang tanda ng pag-ibig ko sa Iyo.

Orámus te, Dómine, per mérita Sanctórum tuórum, quorum relíquiæ hic sunt, et ómnium Sanctórum: ut indulgére dignéris ómnia peccáta mea. Amen.

Sa pamamagitan ng mga natamo ng lahat ng Iyong mga banal at pati narin ng mga banal na ang mga labi ay nalagak dito, ipagkaloob mo Panginoon ang kapatawaran ng aking mga kasalanan. Amen

Kapag Misa Cantada ang pagsusuob ng altar ay gagawin bago babasahin ang Introit o ang pangbungad na antipona.

Introit o Pangbungad na Antipona *(tignan sa hanay ng mga panahon)*

Babalik ang pari sa gitna. Nakadaop ang mga palad, magsasalit-salit ang pari at ang sacristan sa pagdadasal ng Kyrie

TUMAYO (KUNG MISA CANTADA) MANATILING NAKALUHOD (KUNG MISA RECITADA)

P. Kýrie, eléison.
S. Kýrie, eléison.
Kýrie, eléison.
S. Christe, eléison.
P. Christe, eléison.
S. Christe, eléison.
P. Kýrie, eléison.
S. Kýrie, eléison.
P.Kýrie, eléison

P. Panginoon kaawaan mo kami.
S. Panginoon kaawaan mo kami.
P. Panginoon kaawaan mo kami.
S. Kristo kaawaan mo kami
P. Kristo kaawaan mo kami
S. Kristo kaawaan mo kami
P. Panginoon kaawaan mo kami.
S. Panginoon kaawaan mo kami.
P. Panginoon kaawaan mo kami.

Kapag ang Gloria ay sasambitin, ang pari ay tatayo sa gitna ng altar, ilalahad niya ang kaanyang mga kamay, pagdadaupin ito muli at yuyuko ng bahagya.

Ang Gloria O Papuri hindi isinasama kapag Misa para sa mga Yumao, panahon ng Cuaresma, at mga Misa na ginagamitan ng Lila o purpura na kasuotan

Glória in ecélsis Deo. Et in terra pax homínibus bonæ voluntátis. Laudámus te. Benedícimus te. Adorámus te. Glorificámus te. Grátias ágimus tibi propter magnam glóriam tuam. Dómine Deus, Rex coeléstis, Deus Pater omnípotens. Dómine Fili unigénite, Jesu Christe. Dómine Deus, Agnus Dei, Fílius Patris. Qui tollis peccáta mundi, miserere nobis. Qui tollis peccáta mundi, súscipe deprecatiónem nostram. Qui sedes ad déxteram Patris, miserére nobis.

Luwalhati sa Diyos sa Kaitaasan at sa lupa ay kapayapaan sa mga taong may mabuti kalooban. Pinpuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin , pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Panginoong Hesukristo bugtong na Anak, Panginoong Diyos Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nagaalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nagaalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang .

PANALANGIN PAGKATAPOS NG SANTA MISA

V. Aba Ginoong Maria, napupuno ka ng grasya, ang Panginoong Diyos ay sumasaiyo, bukod kang pinagpala sa babaeng lahat, at pinagpala naman ang iyong Anak na si Hesus.

R. Santa Maria, Ina ng Diyos, ipanalangin mo kaming makasalanan, ngayon at kung kami'y mamamatay. Amen. (talong ulit)

Aba po Santa Mariang Hari, Ina ng awa. Ikaw nga po ang kabuhayan at katamisan. Ay aba pinanaligan ka namin. Ikaw nga po ang tinatawag namin, pinapanaw na taong anak ni Eba. Ikaw rin po ang pinagbubuntung-hininga namin sa aming pagtangis dito sa lupang, baying kahapis-hapis. Ay aba, pintakasi ka namin. Ilingon mo po sa amin ang mga mata mong maawain. At saka kung matapos yaring pagpanaw sa amin, ipakita mo sa amin ang iyong Anak na si Hesus. Santa Maria, Ina ng Diyos, maawa at maalam at matamis na Birhen.

V. ipanalangin mo kami, O Santa'ng Ina ng Diyos.

R. Nang kami'y maging dapat makinabang sa mga pangako ni Hesu Kristong aming Panginoon.

V. O Diyos naming tagapagampon at lakas, lingapin Mo ang mga taong tumatangis sa Iyo; at sa pamamagitan ng maluwalhati at kalinis linisang Birheng Maria, Ina ng Diyos, ni San Jose na kanyang esposo,ng Iyong mga pinagpalang Apostol na si San Pedro at si San Pablo, at ng lahat ng mga Banal, sa Iyong awa at kagandahang loob ay dinggin ang aming mga pnalanging iniluluhog para sa pagbabalik loob ng mga makasalanan sa ikalalaya at ikadadangal ng ating Inang Simbahan. Alang–alang kay Kristong Panginoon natin. Amen.

San Miguel Arkangel, ipagtanggol mo kami sa pakikibaka laban sa panlilinlang at kasamaan ng demonyo. Palayasin mo siya, O Diyos : at ikaw, O Prinsipe ng hukbong makalangit, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, pabalikin mo sa impierno si Satanas at ang lahat ng masamang espiritu na naririto sa mundo para sa ikapapa hamak ng mga kaluluwa. Amen.

V. Kamahal-mahalng puso ni Hesus

R. Kaawaan mo kami. (Tatlong ulit)

TUMAYO

et vídimus glóriam ejus, glóriam quasi Unigéniti a Patre, plenum grátiæ et veritatis.

S. Deo grátias

at namalas natin ang Kanyang Kaluwalhatian, ang kaluwalhatian ng Kaisaisang bugtong na Anak ng Ama, puspos ng biyaya at katotohanan.

S. Salamat sa Diyos.

Pagkatapos nito ay dadako sa gawing kanan ang pari upang kunin ang kalis. Yuyuko siya at bababa sa altar. Luluhod sa gitna at iaabot naman sa kanya ang biretta at aalis patungong sakristiya.

Huwag munang umalis pagkayari ng Santa Misa. Manatili ng ilang sandali at magnilay sa biyayang iyong natanggap sa Misang ito: Ang Katawan, dugo, Kaluluwa, at pagkadiyos ni Hesukristo. Magpasalamat sa kanya na sa kabila nang ating mga pagkukulang ay minamahal tayo at ibinibigay ang kanyang sarili sa Banal na Sakramento.

Quóniam tu solus Sanctus. Tu solus Dóminus. Tu solus Altíssimus, Jesu Christe. Cum Sancto Spíritu in glória Dei Patris. Amen.

aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, naawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen

Hahalik sa gitna ng altar ang pari at haharap sa mga tao.

P. Dóminus vobíscum.

S. Et cum spíritu tuo

P. Sumainyo ang Panginoon.

S. At sa iyong espiritu

Collecta o Pangbungad na Panalangin *(tignan sa hanay ng mga panahon)*

P. Oremus

P. Manalangin Tayo.

Lalakad kung saan naroroon ang missal habang sinasabi ang Oremus at sisimulan ang Collecta

Pagkatapos ng Collecta ay dadako na ang pari sa pagbabasa mula sa mga aklat ng Banal na kasulatan

Lecion o Pagbasa *(tignan sa hanay ng mga panahon)*

UMUPO

S. Deo gratias

S. Salamat sa Diyos

Graduale *(tignan sa hanay ng mga panahon)*

Ang graduale ay halaw sa aklat ng mga Awit. Ito ay binabasa ng pari bago basahin ang Mabuting Balita. Ang missal ay ililipat sa kanang bahagi ng altar habang ang pari ay nakayuko at nanalangin sa gitna.

.



Munda cor meum ac labia mea, Omnípotens Deus, qui labia Isaíæ Prophétæ cálculo mundásti igníto: ita me tua grata miseratióne dignáre mundáre, ut sanctum Evangélium tuum digne váleam nuntiáre. Per Christum, Dóminum nostrum. Amen.

Jube Domine Benedicere

Dóminus sit in corde meo et in lábiis meis: ut digne et competénter annúnties Evangélium suum. Amen

P. Linisin mo ang aking puso pati na rin ang aking labi makapangyarihang Diyos na Siyang naglinis sa labi ng Propeta Isaias sa pamamagitan ng nagbabagang uling. Sa pamamagitan ng Iyong Awa linisin ako nag aking maipahayag nang marapat at matuwid ang Iyong Mabuting Balita. Sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon. Amen.

Igawad mo Panginoon ang iyong pagbabasbas.

Manahan nawa ang Panginoon sa aking puso at sa aking nga labi upang marapat mong maipahayag ang Iyong Mabuting Balita. Amen.

comprehendérunt. Fuit homo missus a Deo, cui nomen erat Joánnes. Hic venit in testimónium, ut testimónium perhibéret de lúmine, ut omnes créderent per illum. Non erat ille lux, sed ut testimónium perhibéret de lúmine. Erat lux vera, quæ illúminat omnem hóminem veniéntem in hunc mundum. In mundo erat, et mundus per ipsum factus est, et mundus eum non cognóvit. In própria venit, et sui eum non recepérunt. Quotquot autem recepérunt eum, dedit eis potestátem fílios Dei fíeri, his, qui credunt in nómine ejus: qui non ex sanguínibus, neque ex voluntáte carnis, neque ex voluntáte viri, sed ex Deo nati sunt.

Et Verbum caro factum est et habitávit in nobis:

.

